



TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No. 2020-0002 Page 1 of 2
	Title Governing Policies of the PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta) Package: Expansion of the Primary Care Benefit to Cover All Filipinos
Tanong	Sagot
Ano ang PhilHealth Konsulta?	Ang PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama o mas kilala na PhilHealth Konsulta ay ang pinalawak na primary care benefit ng PhilHealth.
Ano na ang mangyayari sa Primary Care Benefit (PCB) at Expanded Primary Care Benefit (EPCB)?	<p>Sa paglabas ng bagong batas RA 11223 o Universal Health Care (UHC) Law, ang PhilHealth ay inatang palawakin pa ang Primary Care na maglalalayong magbigay ng konsultasyon, preventive at screening services, mas maraming uri ng gamot para sa lahat ng Pilipino. Sa pamamagitan nito ay maaari na nating malaman ng mas maaga, at maiwasan at maagapan ang pagkakasakit.</p> <p>Ang PCB at EPCB ay mas pinalawak pa ng PhilHealth ngayong 2020 bilang tugon sa nilalayan ng UHC.</p> <p>Ang PCB at EPCB ay tatawagin na ngayong PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta).</p>
Ano ang makukuha kong serbisyo dito?	Ang mga serbisyong makukuha dito ay ang mga sumusunod: konsulta, health screening at assessment, laboratoryo at gamot ayon sa health risks, pangangailangan at edad ng pasyente.
Paano ko magagamit ang benepisyong ito?	Kinakailangan lamang na magparehistro online sa isang accredited Konsulta provider at makakatanggap ng confirmation mula sa PhilHealth.
Saan pasilidad ko ito magagamit?	Ito ay magagamit sa alinmang pampubliko o pribadong pasilidad na accredited ng PhilHealth bilang Konsulta provider kung saan nagparehistro ang miyembro.
Sinu-sino ang maaaring gumamit ng benepisyong ito?	Ang lahat ng Filipinong nakarehistro sa PhilHealth ay kwalipikado para sa PhilHealth Konsulta. Kung hindi pa rehistrado sa PhilHealth, pumunta lamang sa pinakamalapit na Local Health Insurance Office upang magpatala.

	TAMANG SAGOT (TS) Gabay sa tamang pag-unawa sa PhilHealth Circular	
	Circular No.	2020-0002 Page 1 of 2
	Title	Governing Policies of the PhilHealth Konsultasyong Sulit at Tama (PhilHealth Konsulta) Package: Expansion of the Primary Care Benefit to Cover All Filipinos
Kailan maaaring magamit ang benepisyong ito?	Maglalabas ang PhilHealth ng mga karagdagang guidelines para sa mas detalyadong paraan ng paggamit nito.	